Pahayag para sa Press

Naka-embargo hanggang: 08:30 (Maynila) / 00:30 (UTC) Oktubre 1, 2020

IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™

Muling bumagsak ang mga kundisyon ng operasyon noong Setyembre

Mga pangunahing nalaman

Panibagong paghina ng output habang patuloy na bumabagsak ang mga bagong order

Nagpapatuloy ang pagbabawas ng trabaho sa ikalabing-anim na sunod-sunod na buwan

Gumanda ang mga inaasahan sa output sa pinakamalakas mula Enero

Nakolekta ang data noong Setyembre 11-24 2020.

ASEAN Manufacturing PMI

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

Nanatiling mahirap ang mga kundisyon ng pagmamanupaktura sa ASEAN sa pagwawakas ng ikatlong quarter, ayon sa pinakabagong data ng Purchasing Managers' Index (PMI™) ng IHS Markit. Pagkatapos maging estabilisado noong Agosto, bumagsak ang produksyon sa pabrika sa gitna ng lalong pagbagsak sa bagong negosyo. Samantala, nagbawas ulit ng mga tauhan ang mga kumpanya sa ikalabing-anim na sunod-sunod na buwan, kung saan humupa lang nang kaunti ang pagbabawas ng trabaho mula noong Agosto. Gayunpaman, may ilang positibong senyales dahil ang sentimiyento sa pananaw para sa susunod na 12 buwan ay umabot sa pinakamataas na naitala sa loob ng walong buwan, dahil ang mga kumpanya ay mas may kumpiyansa sa pangkalahatan sa pagbangon ng ekonomiya.

Ang headline na PMI, na bumagsak sa 48.3 noong Setyembre mula sa 49.0 noong Agosto, ay nagsenyales ng katamtamang paghina ng sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN. Kaugnay nito, ang pinakabagong reading ay nanatiling mas mataas kaysa sa mga naitala sa kasagsagan ng pandemya ng coronavirus disease 2019 (COVID-19) noong tagsibol. Pangunahin sa pangkalahatang pagbagsak ang panibagong contraction sa output ng pagmamanupaktura, kasabay ng ikapitong magkakasunod na buwanang pagkaunti ng order book, bagama't katamtaman ang mga pagbagsak.

Sa pitong kasaping bansa, naitala ng Myanmar ang pinakamatinding pagbagsak ng mga kundisyon sa kasalukuyan. Bumagsak ang headline na figure sa 35.9 noong Setymebre na halos ang pinakamababang naitala, na nagbibigay-diin sa matinding paghina ng performance ng sektor sa kabila ng mas mahihigpit na hakbang ng pag-lockdown. Nakaranas din ang Indonesia ng panibagong contraction, kasunod ng bahagyang mas mabubuting kundisyon noong Agosto. Ang headline na index (47.2) ay nagpahiwatig ng mas mahinang pagbagsak kaysa sa naitala noong kasagsagan ng pandemya, gayunpaman ay matindi pa rin ito.

Sa ibang lugar, may mga naitalang patuloy na contraction sa Singapore at Malaysia. Sa nauna, ang pinakabagong pagbagsak sa mga kundisyon ang pinakamahina mula Enero at mahina ito sa pangkalahatan (nasa 48.0 ang index). Sa kabilang banda, nakapagtala ang mga producer ng mga produkto sa Malaysia ng bahagyang mas mabilis na pagbagsak, kung saan bumagsak ang headline na index na 49.0 sa pinakamababang

ipinagpatuloy…

Komento

Nagkomento sa mga resulta ng pinakabagong survey si Lewis Cooper, Ekonomista sa IHS Markit, aniya:

"Ang mga kundisyon sa buong sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN ay nanatiling mahirap sa katapusan ng ikatlong quarter. Nagsenyales ang headline na PMI ng ikapitong magkakasunod na pagbagsak sa kalagayan ng sektor, sa gitna ng panibagong pagbagsak sa produksyon sa pabrika at patuloy na pagbagsak sa kabuuang bilang ng mga bagong order.

"Dahil mahina pa rin ang mga kundisyon ng demand sa loob at labas ng bansa, at nananatiling mahina ang mga pressure sa kapasidad, patuloy pang nagbawas ng mga tauhan ang mga kumpanya. Humupa naman nang bahagya ang pagbabawas ng trabaho, ngunit matindi pa rin ito.

"Dalawa lang sa pitong kasaping bansa ang nakapagtala ng headline na PMI na mas mataas sa threshold na 50.0, at sinasalamin nito ang mahihirap na kundisyon sa kasalukuyan. Gayunpaman, may kumpiyansa pa rin ang mga kumpanya pagdating sa output sa susunod na taon, kung saan tumaas ang sentimiyento sa pinakamataas magmula Enero.

"Ngunit, habang dumarami ang mga kaso ng virus sa ilang bansa at sa iba pang bahagi ng mundo, nakakabahala ang mga panganib ng pagbabalik ng mas mahihigpit na hakbang ng lockdown. May naitalang pagbagsak sa kalagayan ng sektor ng pagmamanupaktura sa Myanmar na malapit sa pinakamabilis na naitala noong Setyembre bilang resulta ng mas mahihigpit na hakbang kaugnay ng COVID-19. Kung kinakailangan ang mas mahihigpit na hakbang ng lockdown sa iba pang bahagi ng rehiyon, may potensyal na makapagtala ang ASEAN bilang kabuuan ng katulad na pagbagsak sa performance, bago ang anumang pagbangon."

© 2020 IHS Markit

PMI™ By IHS Markit

naitala sa loob ng apat na buwan na 49.0. Samantala, estabilisado ang mga kundisyon sa pangkalahatan sa Thailand at Pilipinas. Naitala ang mga headline na figure malapit sa 50.0 na marka, sa 49.9 at 50.1, ayon sa pagkakasunod-sunod.

Panghuli, naranasan ng sektor ng pagmamanupaktura sa Vietnam ang unang pagganda sa mga kundisyon ng pagpapatakbo sa loob ng tatlong buwan noong Setyembre. Dagdag pa rito, pinakamataas ang headline na index (52.2) magmula Hulyo 2019 at nagsenyales ito ng bahagyang pagganda ng mga kundisyon.

Sa pangkalahatan, nabigyang-diin ng data noong Setyembre ang mahihirap na kundisyon sa buong sektor ng pagmamanupaktura sa ASEAN. Ang nagpapatuloy na kahinaan ng demand ng kliyente ay nasalamin sa mas mabilis na pagkaunti ng kabuuang dami ng order book, na nagresulta sa pagbagsak ng produksyon sa pabrika. Kapansin-pansin din ang kahinaan sa mga pandaigdigang merkado, habang patuloy na bumagsak nang matindi ang mga bagong order sa export.

Bilang resulta, patuloy na bumabagsak nang mabilis ang mga backlog ng trabaho, at patuloy pang nagbawas ng mga tauhan ang mga producer ng mga produkto. Bagama't matindi, pinakamabagal ang pagbaba magmula Pebrero.

Ang mga kumpanya ng pagmamanupaktura sa ASEAN ay naitulak ng mas mababababang kinakailangan sa produksyon na bawasan ang kanilang aktibidad sa pagbili, na nagpalawig sa kasalukuyang patuloy na pagbagsak sa 16 na buwan. Kasabay nito, lalong bumagsak ang performance ng vendor, bagama't ang inihaba ng mga lead time ang pinakamabagal sa kasalukuyang walong buwang nagpapatuloy na mas matatagal na oras ng paghahatid.

Kasabay ring tumaas ang mga gastos sa input sa ikaanim na magkakasunod na buwan. Pinakamabagal ang pagtaas magmula Mayo, ngunit matindi pa rin ito. Bilang bahagi ng mga pagsisikap na pataasin ang mga benta, diniskwentuhan ng mga kumpanya ang kanilang mga presyo sa pagbebenta noong pinakahuling yugto ng survey. Gayunpaman, bahagya lang ang pagbabawas.

Kung tatanaw sa hinaharap, ang pananaw para sa susunod na 12 buwan ay gumanda sa ikalawang magkasunod na buwan, kung saan umabot ang antas ng positibong sentimiyento sa pinakamataas na naitala sa loob ng walong buwan.

Manufacturing PMI

Indonesia / Malaysia / Myanmar / Pilipinas
Singapore / Thailand / Vietnam

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Pinagkunan: IHS Markit.

Makipag-ugnayan

Lewis Cooper
Economist
IHS Markit
Telepono: +44 1491-461-019
lewis.cooper@ihsmarkit.com

Bernard Aw
Principal Economist
IHS Markit
Telepono: +65 6922 4226
bernard.aw@ihsmarkit.com

Katherine Smith
Public Relations
IHS Markit
Telepono: +1 781 301 9311
katherine.smith@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™ ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga manufacturer sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang nasa 2,100 manufacturer. Ang mga bansang ito ay kumakatawan sa 98% ng ASEAN manufacturing value added*. Ang mga panel ay hinahati-hati ayon sa detalyadong sektor at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokoleksta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagsusukat ng mga national index. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula ayon sa taunang manufacturing value added*.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerebisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasaayos.

Ang data ng Setyembre 2020 ay nakolekta noong Setyembre 11-24 2020.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

*Pinagkunan: World Bank World Development Indicators.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (NYSE: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapatakbo sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2020 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa katherine.smith@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click dito.

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinusubaybayan sa mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa ihsmarkit.com/products/pmi.html.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananagot ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

© 2020 IHS Markit